BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Binubuo ng Lungsod ng Brampton ang pinakaunang Plano sa Paradahan

Iniimbitahan ang mga residente, mga negosyo, at mga lokal na stakeholder na magbigay ng feedback

BRAMPTON, ON (Enero 5, 2022) – Habang mabilis na lumalaki ang Lungsod ng Brampton, patuloy na nagbabago ang paraan ng paggalaw ng mga tao sa buong lungsod. Para makatulong na mas mapahusay ang pagpaplano sa imprastraktura, pangasiwaan ang mga resource ng paradahan, at suportahan ang mga pangangailangan sa hinaharap ng mga residente at mga negosyo, nagsasagawa ang Lungsod ng Brampton ng pinaka-unang rebyu sa paradahan sa buong lungsod.

Ang mga hinihingi sa paradahan ay may epekto sa abot-kayang paabahay, mga gastos sa pagpapaunlad,at pagpaplano sa paggamit ng lupa. Ang planong ito ay makakatulong na mas makakaayon sa mga pangangailangan ng mga residente at negosyo na buuhin ang kumpleto, nakakalusog, nalalakad na mga komunidad na nagtitiyak na ang mga pangangailangan at kaligtasan para sa lahat ng gumagamit ng daan ay pinag-iisipan at angkop na napagbibigyan.

Sa pamamagitan ng prosesong ito, rerebyuhin ng Lungsod ang kasalukuyang mga hamon at pagkakataon, at gawing batayan ang pinakamahusay na ginagawa sa ibang mga hurisdiksyon. Ang Brampton Parking Plan ay magbibigay ng panggabay na mga prinsipyo at rekumendasyon sa mga patakaran at mahusay na pamamahala ng paradahan para sa hinaharap.

Pagbuo sa Brampton Parking Plan
Ang unang yugto ng plano ay rerepaso sa mga link sa pagitan ng mga isyu sa paradahan at sa mas malawak na pang-ekonomiya, panlipunan at pangkapaligirang mga layunin ng Lungsod para bumuo ng isang bisyon at balangkas ng patakaran.

Sa ikalawang yugto nito, ang mga rekumendasyon para sa negosyo at pinansyal na huwaran ay ipipresenta para repasuhin.

Para suportahan ang pinaka-unang Estratehiya sa Paradahan, kinuha ng Lungsod ng Brampton ang IBI Group. Ang plano na ito ay aayon sa ibang mga pangkasalukuyang estratehiya kabilang ang Brampton Plan at Housing Brampton.

Iparinig ang iyong opinyon

Ang mga residente at mga stakeholder kabilang ang mga negosyo, not-for-profit na mga pangkat, at ang mga industriya ng taxi at trak ay iniimbitahang sumali sa online na sesyon ng pakkilahok sa Huwebes, Enero 13 mula 6 – 8 pm para malaman ang tungkol sa pag-aaral at magbigay ng feedback.

Available rin ang mga online survey hanggang Enero 28.
Para mag-register para sa event, sagutan ang survey at matuto pa, bisitahin ang brampton.ca/parkingplan

Mga Quote

“Sa huling mga taon, nakita ng Brampton ang mas malaking pagtindi sa mga koridor ng transportasyon at malaking pag-akyat sa pagsakay sa transit. Habang umaabante tayo, mahalagang pasalihin natin ang mga stakeholder upang maunawaan kung paano kasalukuyang ginagamit ang ating mga daan at kung paano tayo mahusay na makapagplano para sa kinabukasan. Hinihikayat ko ang lahat na sumali sa sesyon ng pakikilahok o sagutan ang ating survey para magbigay ng feedback at maging bahagi ng proseso na ito.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton Parking Plan ay magbibigay sa atin ng impormasyong kailangan para lumikha ng estratehiya para sa kinabukasan. Hinihiling namin sa lahat ng mga residente at stakeholder na sumali sa prosesong ito para makatulong sa amin na magplano kung paano mag-evolve ang paradahan habang ang Brampton ay patuloy na umunlad at gumalaw.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Planning and Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang Parking Plan ng Brampton ay magbibigay sa atin ng impormasyon na kailangan para tukuyin ang mga oportunidad sa pagparada at planuhin ang mas ismarte, mas episyenteng paraan. Sa pakikipagtulungan sa ating mga partner na munisipalidad at mga miyembro ng komunidad, magagawa nating buuhin ang isang komprehensibong plano na naglalarawan sa mga kinakailangan ng Brampton sa kasalukuyan at sa hinaharap.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

BRAMPTON

Media Release

KONTAK NG MEDIA
Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca